## ARALIN 2: 3D AT ESKULTURA: ANG TRADISYON NG SINING SA PILIPINAS

**INAASAHAN:**

1. Natutukoy ang iba't ibang paraan sa paggawa ng 3D Art.
2. Nasusuri ang mga hakbang sa paggawa ng 3D Art.
3. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa kalikasan sa paggamit ng recycled materials para sa likhang sining.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang Pilipinas ay mayaman sa mga katutubong sining o kilala bilang tradisyonal na sining. Ang mga uri ng sining na katulad nito ay nabibilang sa ***3D o three-dimensional art***. Ito ay maaaring malayang makatayo, may taas at lapad, at may anyong pangharap, tagiliran at likuran. Kinakailangan ang sapat na balanse sa isang *3D art*. Ang mga kagamitan sa paggawa nito ay maaaring luwad, kahoy, hibla ng halaman, lumang papel, at iba pa. Ang tatlong halimbawa ng *3D art* ay *mobile art* o gumagalaw na sining, paghulma ng palayok, at paggawa ng mga paper bead. Ang ***mobile art*** ay isang uri ng kenetikong eskultura na kung saan ang mga bagay ay isinasabit sa mga tali, kawad, at kabilya upang malayang makagalaw at makaikot.

Ang sining ng **paggawa ng palayok** ay isa sa mga pinakamatandang uri ng katutubong sining sa ating kasaysayan. Ang paggawa ng palayok, banga o anumang tapayan mula sa luwad ay may kahalagahan sa ritwal at pang araw-araw na pangangailangan. Ang paggawa ng palayok ay nahahati sa apat na maselang bahagi. (1)pagbungkal ng magandang uri ng luwad at paghahanda sa lupa. 2) Pagmamasa sa luwad hanggang makamit ang katamtamang lambot nito gamit ang kamay o sa tulong ng alagang hayop tulad ng kalabaw. (3)Paghuhugis ng palayok gamit lamang ang kamay.(4)Paghuhurno o pagsusunog *(firing)* ng palayok.Sa paggawa ng pansariling palamuti, mahalaga ang kakayahang malikhain. Ang mga gamit sa paggawa ng mga palamuti ay maingat na pinipili at inihahanda sa pagbuo nito. Ang mga ayos ng kulay at hugis ay nagpapakita ng ritmo o maayos na indayog.Ang ***paper beads*** ay likhang sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis. Ang paggawa nito ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin, at makukulay na papel..

## GAWAIN 1

**Panuto**: Isulat ang salitang **Tama** kung ang ipinapahayag ay wasto at **Mali** kung hindi.

___1.Kadalasang mabibili ang mobile art sa art store, décor shop, at tindahan ng mga gamit pangsanggol.

___2. Ang mobile art ay palamuting idinidikit sa pader.

___3.Ang mobile art ay lubusang mahahangaan kung ito ay nakasabit sa masikip na lugar.

___4.Ang katutubong sining ng paggawa ng palayok ay hindi mahalaga sa ritwal at pang araw-araw na buhay ng mga sinaunang tao.
___5. Ginagamit ang gulong (potter's wheel) sa paghuhugis ng palayok

## GAWAIN 4

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay pag-alis ng hangin sa luwad na maaaring maging sanhi ng pagkabiyak nito habang pinatutuyo ang mga palayok.
   a. Paghuhurno b. Pagmamasa c. Paghuhugis
2. Ito ay likhang sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.
   a. Mobile art b. Paggawa ng palayok c. Paper Beads
3. Ito ay isang bagay na minana ng mga manlilikha sa kanyang mga ninuno at patuloy na pinagyayaman ng kasalukuyang lahi.
   a. Paggawa ng Palayok b. Paper Beads c. Mobile art
4. Ito ay dekorasyong pasabit sa mga tahanan o maging sa paaralan.
   a. Paper Beads b. Mobile art c. Paggawa ng Palayok
5. Alin sa mga kagamitan ang maaaring gamitin sa paggawa ng 3D art?
   a. Lumang papel b. Bakal c. Semento

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Isulat ang salitang bubuo sa pangungusap.

1. Ang _______ay isang uri ng 3D art na maaaring gumalaw.2. Ang ___________ ay uri ng sining na may taas, lapad, anyong paharap, tagiliran, at likuran at maaaring malayang tumayo sa isang lugar. 3. Mahalaga ang sapat na __________ para sa isang 3D art. 4. Ang sining ng ______________ ay isa sa mga pinakamatandang uri ng katutubong sining sa ating kasaysayan.
5. Sa paggawa ng mga pansariling palamuti, napapahalagahan at naipapakita natin ang ating pagka ________.

## SANGGUNIAN

Halinang Umawit at Gumuhit 5
Pahina 152-163
Hazel P. Copiaco
Emilio S. Jacinto Jr.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**GAWAIN 4**
1. B
2. C
3. A
4. B

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**
1. mobile Art
2. 3D o three-dimensional Art
3. balanse
4. paggawa ng palayok
5. malikhain

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**